

"IYONG MGA KARAPATAN"

IYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG PINAMAMAHALAANG PANGANGALAGANG DENTAL

KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA DESISYONG GINAWA PARA SA IYONG PAGGAMOT NA DENTAL, MAAARI KANG MAGHARAP NG APELA. MAGHARAP NG APELA SA IYONG PLANONG DENTAL.

PAANO DAPAT MAGHARAP NG APELA

Ikaw ay may **60 araw** mula sa petsa ng isang liham na "Paunawa ng Aksyon" upang magharap ng apela. **Kung ikaw ay kasalukuyang tumanggap ng paggamot at gusto mong patuloy na tumanggap ng paggamot, dapat kang humingi: sa loob ng 10 araw** mula sa petsa na ang liham na ito ay nilagyan ng tatak na pangkoreo o inihatid sa iyo; O bago ang petsa na sinabi ng planong dental na matatapos ang mga serbisyo sa iyo. Dapat mong sabihin na gusto mong patuloy na tumanggap ng paggamot kapag maghaharap ka ng apela.

Maaari kang magharap ng apela sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng sulat, o sa paraang elektronikal:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Kontakin ang LIBERTY Dental Plan sa pagitan ng 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-703-6999. Kung hindi ka mahusay na nakakarinig o nakakapagsalita, mangyaring tumawag sa 1-800-735-2929.
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Kumpletuhin ang isang porma ng apela o gumawa ng isang liham at ipadala ito sa:

LIBERTY Dental Plan of California
340 Commerce Suite 100
Irvine, Ca 92602

Ang opisina ng iyong dentista ay may mga porma ng apela. Ang iyong planong dental ay makakapagpadala rin ng porma sa iyo.

- **Sa paraang elektronikal:** Bisitahin ang website ng iyong planong pangkalusugan. Pumunta sa www.libertydentalplan.com

Maaaring ikaw mismo ang magharap ng apela. Maaari mong ipagawa sa isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, dentista, doktor, o abugado ang paghaharap ng iyong apela. Maaari mong ipadala ang anumang uri ng impormasyon na gusto mong suriin ng iyong planong dental. Ang isang dentista na iba sa dentistang gumawa ng unang desisyon ay titingin sa iyong apela.

Ang iyong planong dental ay may 30 araw upang bigyan ka ng sagot. Sa panahong iyon, tatanggap ka ng isang liham na “Paunawa ng Resolusyon sa Apela.” Sasabihin sa iyo ng liham na ito kung ano ang ipinasiya ng planong dental. **Kung hindi ka nakatanggap ng liham sa loob ng 30 araw, maaari kang:**

- Humingi ng isang “**Independiyenteng Pagrepassong Medikal (Independent Medical Review, “IMR)**” at ang isang tagalabas na tagarepasso na walang kaugnayan sa planong dental ay magrerepasso sa iyong kaso.
- Humingi ng isang “**Pagdinig ng Estado**” at ang isang hukom ay magrerepasso sa iyong kaso.

Mangyaring basahin ang seksyon sa ibaba para sa mga tagubilin kung paano dapat humingi ng isang IMR o Pagdinig ng Estado.

MGA PINABILIS NA APELA

Kung ikaw ay nakakaramdam ng pananakit o iniisip na ang paghihintay ng 30 araw ay makakapinsala sa iyong kondisyong pangkalusugan o dental, maaari kang makatanggap ng sagot sa loob ng 72 oras. Kapag maghaharap ng iyong apela, sabihin kung bakit ang paghihintay ay makakapinsala sa iyong kondisyong pangkalusugan o dental. Tiyakin na humingi ka ng isang “**pinabilis na apela.**”

KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA DESISYON SA APELA

Kung ikaw ay nagharap ng apela at nakatanggap ng isang liham na “Paunawa ng Resolusyon sa Apela” na nagsasabi sa iyo na ang iyong planong dental ay hindi pa rin magkakaloob ng mga serbisyo, o **ikaw ay hindi nakatanggap ng liham na nagsasabi sa iyo ng desisyon at nakalipas na ang 30 araw**, ikaw ay maaaring:

- Humingi ng isang “**Independiyenteng Pagrepassong Medikal” (Independent Medical Review, IMR)**” at ang isang tagalabas na tagarepasso na walang kaugnayan sa planong dental ay magrerepasso sa iyong kaso.
- Humingi ng isang “**Pagdinig ng Estado**” at ang isang hukom ay magrerepasso sa iyong kaso.

Maaari kang humingi ng pareho ng IMR at Pagdinig ng Estado nang magkasabay. Maaari ka ring humingi muna ng isa sa mga ito bago ang iba upang makita kung ito ay lulutas sa iyong problema. Halimbawa, kung ang unang hiningi mo ay IMR, pero hindi ka sumang-ayon sa desisyon, maaari ka pa ring humingi ng Pagdinig ng Estado sa dakong huli. Gayunman, kung ang unang hiningi mo ay Pagdinig ng Estado, at ang pagdinig ay naganap na, hindi ka maaaring humingi ng IMR. Sa ganitong kaso, ang Pagdinig ng Estado ay may pinal na desisyon.

Hindi mo kailangang magbayad para sa IMR o Pagdinig ng Estado.

INDEPENDIYENTENG PAGREPASONG MEDIKAL (IMR)

Kung gusto mo ng isang IMR, dapat ka munang magharap ng isang apela sa iyong planong dental. Kung wala kang narinig mula sa iyong planong dental sa loob ng 30 araw, o kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng iyong planong dental, maaari kang humiling ng isang IMR. Dapat kang humingi ng isang IMR sa loob ng **180 araw** mula sa petsa ng liham na “Paunawa ng Resolusyon sa Apela.”

Maaari kang makakuha agad ng isang IMR nang hindi naghaharap muna ng isang apela. Ito ay para sa mga kaso kung saan ang iyong pagganap na pangkalusugan o dental ay nasa nalalapit na panganib. Ang talataan sa ibaba ay magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung paano dapat humiling ng isang IMR.

Ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (Kagawaran) ay responsable para sa pangangasiwa ng pimamahalaang pangangalaga na mga planong dental. Kung nakatanggap ka ng liham ng “Paunawa ng Hindi Pabor na Pagpapasiya sa Benepisyo,” dapat mo munang tawagan ang iyong planong dental sa 1-888-703-6999 at gamitin ang proseso sa apela ng iyong planong dental bago tawagan ang Kagawaran. Ang paggamit nitong pamamaraan sa apela ng iyong planong dental ay hindi nagbabawal sa anumang posibleng mga karapatan o remedyo ayon sa batas na maaaring magamit mo. Kung kailangan mo ng tulong sa karaingan na may kaugnayan sa isang emerhensiya, isang apela na hindi pa kasiya-siyang nalutas ng iyong planong dental, o isang apela na higit sa 30 araw nang hindi pa nalulutas, maaari mong tawagan ang Kagawaran para sa tulong. Ikaw ay maaari ring karapat-dapat para sa isang Independiyenteng Pagrepasong Medikal, (Independent Medical Review, IMR). Kung ikaw ay karapat-dapat para sa IMR, ang proseso ng IMR ay magkakaloob ng walang-pinapanigang pagrepaso ng mga desisyong dental na ginawa ng isang planong dental na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminungkahing serbisyo o paggamot, at mga pagtatalo sa pagbabayad para sa mga pang-emerhensiya o apurahang serbisyong medikal. Ang Kagawaran ay mayroon ding isang walang-bayad na numero ng telepono (**1-888-HMO-2219**) at isang linyang TDD (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet Website ng Kagawaran (<http://www.hmohelp.ca.gov>) ay may mga porma para sa reklamo, mga porma ng aplikasyon sa IMR, at mga tagubilin online.

PAGDINIG NG ESTADO

Kung gusto mo ng isang Pagdinig ng Estado, dapat kang humingi nito sa loob ng **120 araw** mula sa petsa ng liham na “Paunawa ng Resolusyon sa Apela.” Makakahingi ka ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono o sulat:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-800-952-5253**. Ang numerong ito ay maaaring maging sobrang abala. Maaari kang tumanggap ng mensahe na muling tumawag sa ibang oras. Kung hindi ka mahusay na nakakapagsalita o nakakarinig, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-952-8349**.
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Kumpletuhin ang isang porma ng Pagdinig ng Estado o magpadala ng isang liham sa:

**California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430**

Maaari kang magpadala ng isang porma ng Pagdinig ng Estado o liham sa pamamagitan ng Fax sa (916) 651-5210 o (916) 651-2789.

Tiyakin na isama ang iyong pangalan, address, numero ng telepono, petsa ng iyong “Paunawa ng Resolusyon sa Apela” (kilala rin bilang isang NAR), at ang dahilan kung bakit gusto mo ng isang Pagdinig ng Estado. Kung may isang taong tumutulong sa iyo na humingi ng isang Pagdinig ng Estado, idagdag ang kanilang pangalan, address, at numero ng telepono sa porma o liham. Kung kailangan ng isang interpreter, sabihin sa amin ang wikang sinasalita mo. Hindi mo kakailanganing magbayad para sa isang interpreter. Ikukuha ka namin nito.

Pagkatapos mong humingi ng isang Pagdinig ng Estado, maaaring mangailangan ng 90 araw upang pagpasiyahan ang iyong kaso at ipadala sa iyo ang sagot. Kung iniisip mo na ang paghihintay nang ganoon katagal ay makakapinsala sa iyong pagganap na pangkalusugan o dental, maaari kang makatanggap ng sagot sa loob ng 3 araw ng trabaho. Hilingin sa iyong dentista o planong dental na gumawa ng liham para sa iyo. Ang liham ay dapat magpaliwanag nang detalyado kung paano ang paghihintay ng hanggang 90 araw para pagpasiyahan ang iyong kaso ay seryosong makakapinsala sa iyong pagganap na pangkalusugan o dental. Saka, tiyakin na humingi ka ng isang **“pinabilis na pagdinig”** at ibigay ang liham kasama ng iyong paghiling ng pagdinig.

Maaaring ikaw mismo ang magsalita sa Pagdinig ng Estado. Maaari mong ipagawa sa isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, dentista, doktor, o abugado ang pagsasalita para sa iyo. Kung gusto mong ibang tao ang magsalita para sa iyo, dapat mong sabihin sa opisina ng Pagdinig ng Estado na ang tao ay pinahihintulatang magsalita para sa iyo. Ang taong ito ay tinatawag na isang “awtorisadong kinatawan.”

LEGAL NA TULONG HELP

Maaari kayong makakuha ng libreng legal na tulong. Tawagan ang:

Pangalan ng Entidad	Telepono	County na Pinagsisilbihan
Legal Services of Northern California	(888) 354-4474	Alpine, Amador, Butte, Calaveras, Colusa, El Dorado, Glenn, Inyo, Mono, Nevada, Placer, Plumas, Sacramento, San Joaquin, Sierra, Sutter, Tehama, Yuba
Greater Bakersfield Legal Assistance, Inc.	(888) 292-4252	Kern
Central California Legal Services, Inc.	(559) 570-1200	Fresno, Kings, Madera, Mariposa, Stanislaus, Tulare, Tuolumne
California Rural Legal Assistance, Inc.	(760) 353-0220	Imperial
Legal Aid Foundation of Los Angeles	(800) 399-4529	Los Angeles
Legal Aid Society of San Diego	(877) 534-2524	San Diego

Maaari ninyo ring tawagan ang lokal na Legal Aid Society sa inyong county sa 1-888-804-3536.